# PAGPAPLANO PARA SA PAGLIKAS SA PAARALAN

Paghahanda para sa mga emergency ang unang hakbang para magkaroon ng mas ligtas na komunidad at mas ligtas pang mundo. Alamin ang mga peligro sa iyong komunidad para makamit ang layuning iyon. Sa pamamagitan ng paggawa ng mga plano, makakatulong ang aktibidad na ito na maging mas handa ang mga kalahok para sa anumang emergency na maaaring mangyari.

## Pagpaplano para sa Emergency

### Oras na Kailangan

1 oras-patuloy

### Hirap

Mahirap

### Mga Kinakailangan

Malaking papel/poster board, makukulay na marker, mga panulat, tape

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- Gumawa ng mapa ng paaralan at nakapaligid na lugar at tukuyin ang mga mapanganib na lugar (malapit na ilog, hindi nakaangklang bookcase, linya ng kuryente, lubak, atbp.) na kinakailangang iwasan kapag may panganib.

**Ikalawang Hakbang**

- Magtulungan para matukoy ang dalawang ligtas na lugar na maaaring puntahan sakaling magkaroon ng emergency sa paaralan. Siguraduhing iwasan ang mga tinukoy na panganib at gumawa ng mga ruta sa mapa patungo sa mga ligtas na lugar.

**Ikaapat na Hakbang**

- Makipagtulungan sa mga nangangasiwa sa paaralan upang maaprubahan ang mapa at lokasyong paglilikasan at makagawa ng malinis at pinal na kopya ng mapa. Gumawa ng mga kopya ng mga ito at ipaskil ang mga ito sa komunidad.

**Ikalimang Hakbang**

- Makipagtulungan sa mga nangangasiwa ng paaralan para makapagsagawa ng mga evacuation drill dalawang beses kada taon.

